# ANG RIKU AY MAY ISPESYALISADONG SERBISYO PARA SA MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING O KATULAD NA PANANAMANTALA

**Makipag-ugnayan sa amin kung:**

- Ikaw ay niloko sa isang sitwasyon na hindi ka makaalis nang hindi napapahamak.
- May isang taong nananamantala sa iyo hal. pagbibigay sa iyo ng napakaliit na sweldo, pagpili o pagmamanipula sa iyo na magbigay ng serbisyong sekswal, paggawa ng krimen o gumawa ng isang bagay na labag sa iyong kalooban.
- Mayroong kumokontrol sa ginagawa mo, saan ka pumupunta, sino ang kinakausap mo o paano gamitin ang pera mo.
- May sumusubok na pasunurin ka sa pamamagitan ng pamimilit o pananakot sa iyo hal. paglalahad ng isang personal na bagay, ipapadeport ka, o pag-ulat sa iyo sa mga kinauukulan, o pananakit sa iyo o mga miyembro ng iyong pamilya.
- May sumingil sa iyo ng pera sa pagpunta sa Finland, halimbawa para sa trabaho o visa
- Regular kang nagtatrabaho ng higit sa 8 oras sa isang araw o gabing-gabi nang walang dagdag na bayad; sa average ay mayroon kang kulang sa 2 araw ng pahinga bawat linggo° o wala kang may bayad na sick leave o taunang leave.
- Natatakot ka na may mananakit sa iyo kung makipaghiwalay ka sa iyong asawa o kinakasama, o pinilit ka sa isang relasyon.

Kung alinman sa ito ay totoo, o hinihinala mo na ikaw o ang malapit sa iyo ay isang biktima ng human trafficking o katulad na pananamantala sa ilang dahilan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono o mensahe:

**+358 40 632 9293**
o mag-email sa **help@riku.fi**

RIKOSUHRIPÄIVYSTYS
VICTIM SUPPORT FINLAND

## Ang Victim Support Finland (RIKU)

ay ginagabayan at sinusuportahan ang mga biktima ng krimen, malalapit na tao sa kanila at mga saksi ng isang krimen.

ONLINE

SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

PERSONAL

**Makipag-ugnayan sa Victim Support Finland (RIKU) para sa payo at suporta kapag:**

- ikaw ay o hinihinala na biktima ng isang krimen
- nakasaksi ka ng krimen
- isang malapit sa iyo ay biktima ng isang krimen

Ang aming mga serbisyo ay lubos na kumpidensiyal. Maaari kang makipag-ugnayan sa amin, nang hindi rin nagpapakilala, kung iniisip mo pa rin na iuulat ang krimen o hindi. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon ano ang ibig sabihin nito at tulungan kang gumawa ng ulat ng krimen kung mapili mong gawin ito.

**Mangyaring tandaan:**

- Hindi kami magbibigay ng impormasyon tungkol sa iyo o iyong kaso kaninuman nang wala ang permiso mo.
- Hindi mo kailangang bigyan kami ispesipikong impormasyon tungkol sa iyong kaso kapag nakipag-ugnayan ka sa amin.
- Palagi kaming gumagamit ng kumpidensiyal at propesyonal na tagasalin kung hindi ka nagsasalita ng Finnish, Swedish, o Ingles.

## ONLINE

→ **Riku.fi/trafficking**
→ **Riku.fi/labor-exploitation**

Mag-email sa **help@riku.fi** para sa kumpidensiyal na suporta at payo kung naghihinala ka ng human trafficking o pananamantala sa iyong trabaho.

## PERSONAL

Kung kinakailangan, maaari ka naming kitain sa isa sa mga opisina ng RIKU.

Kung mayroon, nag-aalok kami ng may kasanayang taong tagasuporta na kasama mo sa estasyon ng pulis o korte.

## SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

**Linya ng telepono para sa mga biktima ng human trafficking at katulad na pananamantala**
**+358 40 632 9293**

Lune-Biy 1 PM hanggang 4 PM
Tumawag o magpadala ng mensahe

**Maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa iyong sariling wika.**

Ang RIKU ay isang non-governmental organisation (NGO) na walang politikal o relihiyong kinauugnayan.